


# SULAT NI PEDRO 1

Halos wala tayong nalaman tungkol sa buhay ng apostol na si Pedro mula sa Kunsilyo ng Jerusalem, sa taong 49 (tingnan ang Gawa 15), hanggang nang sulatin niya ang liham na ito, nang dakong taong 64. Ngunit tiyak na nagtungo siya sa Roma. Nangasiwa siya sa buong Iglesya, kaya kailangan niyang puntahan na tulad ni Pablo ang pusod ng daigdig na Romano, bagamat magkaiba ang kanilang layunin.

Tinitiyak ng isang sinaunang tradisyon na napatay siya sa pag-uusig ni Nero, noong 66, at inilibing siya sa burol ng Batikano. Ang mga pagsisiyasat nitong ilang taong nagdaan ay nakatulong upang matuklasan naman ang isang libingan at mga butong pinapatunayan ng mga inskripsyon na mga buto ng apostol, ang unang Bato ng Iglesya.

Samakatwid, malapit na ang kanyang kamatayan nang isinulat niya ang liham na ito mula sa Roma. Hindi angkin ni Pedro ang karunungan o talinong pampanitikan ni Pablo. Sa halip, sa pamamagitan ng mga payak na pangungusap siya nagsasalita sa mga Kristiyano ng lalawigan ng Asia, na pinagsisimulan ng mga unang pag-uusig. Kaiba kay Pablo, hindi siya nababahala sa paglilinaw o pagtatanggol sa pananampalataya. Sinisikap niyang hikayatin ang mga naghihirap na mananampalataya sa pagpapaalaala sa kanila ng halimbawa, na si Kristo, at sa pagpapaliwanag sa mga bunga ng pagbibinyag.

Sa liham na ito, mula sa 1:3 hanggang 3:7, ipinaaalaala ng lahat ang pagdiriwang sa binyag sa sinaunang Iglesya: himno, homiliya sa ritwal at sa buhay-Kristiyano. Kay Pedro, iyon ang pinakamabuting paraan upang mapaalalahanan ang kanyang mga mambabasa tungkol sa kanilang kalagayang Kristiyano.

Nagsasabi ang pagwawakas ng liham na sumulat si Pedro sa tulong ni Silvano na naging alagad ni Pablo. Ito ang dahilan kung bakit makikita sa ilang talata ang gayunding paksa sa mga liham ni Pablo.

**1** • 1 Bati ni Pedro, apostol ni Jesu-
cristo, sa mga Judiong nangi-
ngibang-bayan na nakakalat sa Ponto,
Galasya, Capadocia, Asia at Bitinia,
sa inyong hinirang 2 ng Diyos Ama
ayon sa kanyang pasya noong una pa at
binanal ng Espiritu upang sumunod at
mawisikan ng dugo ni Jesucristo.
Sumagana sa inyo ang kagandahang-
loob at kapayapaan.

### Iniligtas na kayo

3 Purihin ang Diyos na Ama ni Jesucris-
tong Panginoon dahil sa laki ng kanyang
awa! Sa pagbuhay muli kay Jesucristo,
isinilang niya tayo at pinaasa sa buhay 4 –
ang pamanang nakalaan sa inyo sa langit
na walang kamatayan, panghahawa o
pangungupas. 5 Sapagkat iniingatan kayo
ng pananampalataya sa tulong ng ka-
pangyarihan ng Diyos para sa kaligtasang
mabubunyag sa huling panahon. 6 Ito ang
dahilan ng inyong galak, magdalamhati
man kayo nang panandalian ngayon sa
iba't ibang pagsubok. 7 Sa gayon sinu-
subok ang inyong pananampalataya na
parang ginto sa pugon. Mahalaga pa ang
pananampalataya kaysa lumilipas na
ginto at nagdadala iyon sa inyo ng papuri,
kaluwalhatian at karangalan sa pagpa-
pakita ni Jesucristo.
8 Iniibig ninyo siya na hindi ninyo
nakita, at hindi man ninyo nakita,
nananalig pa rin kayo sa kanya at naga-
galak kayo nang isang kasayahang di
mahayag na taglay ang luwalhati. 9 Naka-
kamtan na nga ninyo ang hangganan ng
inyong pananampalataya: ang kaligtasan
ng inyong kaluluwa.
10 Ito ang kaligtasang sinuri at siniyasat
ng mga propeta at ipinahayag na
ipagkakaloob ng Diyos sa inyo. 11 Ngunit
nakapaghanap lamang sila nang tinukoy
ng Espiritu ni Kristo na nasa kanila, ang
panahon at mga pangyayaring ito: ang
mga hirap ni Kristo at ang kaluwalhatiang
kasunod nito.
12 Ibinunyag sa kanila ng Diyos na
inihanda nila ang mga bagay na ito hindi
para sa kanilang sarili kundi para sa inyo.
Kaya ngayon, pagkasugo sa Espiritu
Santo mula sa langit, ipinahayag ng mga
nag-ebanghelyo sa inyo ang mga daki-
lang bagay na ito na minimithing mau-
unawaan maging ng mga anghel.

### Magpakabanal kayo

• 13 Kaya maging handa ang inyong isi-
pan at kayo'y maging mahinahon upang
maghintay sa ipagkakaloob sa inyo
kapag nagpakita si Jesucristo. 14 Pag-
sunod ninyo sa aral, huwag na ninyong

---

• **1.**1 Bigyang-pansin ang pagbati: "Sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo," na katulad din ng pagbati ni Pablo.

Maaaring maging pangaral ng lider ng isang pamayanang Kristiyano ang talatang ito na pinatutungkol sa mga nasa hustong gulang, na katatapos pa lamang binyagan. Nang mga panahong iyon, higit na abala ang mga tao, di tulad ngayon, sa kanilang kaligtasan pagkatapos mamatay. Sa mga binibinyagan, ipinaliliwanag ng mga apostol ang *pamana* na ito ng Diyos na inilalaan sa kanila at napagtagumpayan na ni Kristo sa kanyang muling pagkabuhay: *ang pamana na walang kamatayan, panghahawa o pangungupas* (4).

Ngunit nalalaman ng bagong binyag na nalagay sa panganib at pinag-usig ang kanilang paniniwala. Nangangahulugan ang paghingi sa binyag ng pagtatalaga sa sarili kay Kristo hanggang sa kamatayan.

*Hindi man ninyo siya nakita...* (8). Pag-asa, pananampalataya, pag-ibig kay Kristo, ang tatlong panloob na lakas na umaakit sa mga Kristiyano upang magsama-sama. Dumating sa kaluwalhatian si Kristo sa pagdaan sa paghihirap. Sinusundan ng Kristiyano ang nasabi ring landas at alam na niya ang tunay na kagalakan sa gitna ng mga pagsubok.

• 13. Dito nabubuo ang dapat asahang bunga ng binyag. Hindi tayo makalalakad nang paurong; ang pagsuko sa mga kasamaan ng sanlibutan ay nangangahulugan ng pagbabalik sa pagkaalipin na pinaghanguan sa atin ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang dugo.

22-25: Dito, nakikilala natin *ang pagkasilang na muli, ang pagkasilang mula sa langit,* na sinabi ni Jesus kay Nicodemos sa Juan 3:9.

Ang sumunod ay isang panawagan upang mamuhay nang ganap: hindi nakagapos sa mga bagay ng kasalukuyan, ngunit nananabik na mamuhay nang makabuluhan at may kabanalan sa harap ng Diyos, ayon sa kanyang kaloob sa atin.

balikan ang dating pamumuhay at mga
pagnanasa noong mangmang pa kayo.
15 Tularan ninyo ang tumawag sa inyo:
banal siya kaya maging banal din kayo sa
lahat ng inyong pamumuhay. 16 Nasu-
sulat: "Maging banal kayo sapagkat ako'y
banal."

17 Tinatawag ninyong Ama ang huma-
hatol nang walang pagtatangi sa ginawa
ng bawat isa, kayat mamuhay kayong
may banal na pagkatakot habang nangi-
ngibang-bayan kayo. 18 Alalahanin na
tinubos kayo mula sa walang kabuluhang
pamumuhay na galing sa inyong mga
ninuno, hindi ng lumilipas na pilak at gin-
to, 19 kundi ng mahalagang dugo ni Kristo,
ang korderong walang dungis at kapin-
tasan. 20 Itinadhana siya ng Diyos bago pa
likhain ang sanlibutan at ibinunyag
naman alang-alang sa inyo sa mga huling
araw na ito. 21 Dahil sa kanya, sumasam-
palataya kayo sa Diyos na muli siyang
ibinangon mula sa mga patay at nilu-
walhati nang sumampalataya nga kayo at
umasa sa Diyos.

22 Sa pagsunod ninyo sa katotohanan,
nilinis na ninyo ngayon ang inyong
kaluluwa patungo sa matapat na pag-ibig
sa mga kapatid, kaya magmahalan sana
kayo nang buong puso. 23 Sapagkat muli
kayong isinilang sa bisa ng salita ng Diyos
na buhay at nananatili nang walang-
hanggan. Walang kamatayan ang binhing
iyon, kundi nananatili; 24 ayon sa kasu-
latan: *Gaya ng damo ang tanang laman at*
*gaya ng bulaklak sa parang ang kanyang*
*kaluwalhatian, nalalanta ang damo,*
*nalalagas ang bulaklak* 25 *ngunit ang*
*salita ng Poong Maykapal ay nananatili*
*magpakailanman.* Ang salitang ito ang
ebanghelyong ipinangangaral sa inyo.

**Si Kristo ang batong-panulok**

**2** • 1 Kaya nga, talikdan ninyo ang
kahit anumang kasamaan, panda-
raya, pagkukunwari, pagkainggit, at pani-
nirang-puri. 2 Waring mga sanggol, mana-
bik kayo sa purong gatas – ang Salita – sa
tulong nito kayo lalaki at maliligtas.
3 Hindi ba ninyo *natikman kung gaano*
*kabuti ang Panginoon?*

4 Siya ang buhay na bato na itinakwil ng
mga tao, ngunit hinirang ng Diyos at
mahalaga sa kanya. Kaya paglapit ninyo
sa kanya 5 naging mga buhay na bato rin
kayo at itinatayong parang isang espiri-
tuwal na templo. Naging banal na lahi
kayo ng mga pari upang mag-alay ng
mga handog na espirituwal na haing kalu-
gud-lugod sa Diyos sa pamamagitan ni
Jesucristo. 6 Tingnan ninyo ang sinasabi
ng Kasulatan: *"Naglalagay ako ngayon sa*

---

• **2.**1 Dalawang salita ang namumukod sa talatang ito: *bato* at *pari*. Binabanggit dito kung magiging ano dapat ang mga bagong Kristiyano.

*Naging mga buhay na bato rin kayo.* Ang Diyos *ang bato na namumukod-tangi,* at dito matatalisod ang lahat ng hindi siya nakita o hindi siya napapansin (Isaias 8:14). Sa ibang kahulugan, si Jesus ang *bato na itinakwil* ng mga *nagtatayo,* na naging panulukang-bato ng isang bagong gusali: ito ang bagong bayan ng Diyos, ang Iglesya (Isaias 28:16, Salmo 118:22). At ang mga Kristiyano ang mga bato ng Iglesyang ito; *batong-buhay,* sapagkat bawat isa ay nakikibahagi sa buhay ng Diyos, at sapagkat bawat isa ay may aktibong papel sa Iglesya, ang katawan ni Kristo (Efeso 4:12-16).

Gayundin naman, kayo ay magiging *pari*. Upang maunawaan ang kahulugan nito, kailangang mabasa natin ang mga salita ng Diyos kay Moises sa Exodo 19:5. Noon ay ipinasya ng Diyos na kumilos sa sanlibutan at baguhin ang takbo ng kasaysayan sa pamamagitan ng isang bayang kanya, na magiging Israel. Kayat sinasabi ni Pedro: ang tunay na bayan ng Diyos ay hindi Israel, na hindi kumilala kay Kristo, kundi kayo ang bayan ng Diyos.

Tayo, na bininyagan ay hindi nakabuo ng isa pang relihiyon: tayo ang tanging bayan ng Diyos, aktibong minorya at ang lebadura ng sanlibutan.

Tayo ay mga pari; hindi dahil napakarami ng ating panalangin, kundi sa pakahulugang alam ng mga taong sinauna: ang mga nakakapangahas na lumapit sa Diyos. Tayo ang may katungkulang magpalaki sa mga tao upang mahinog ang kaligtasan sa kanila: upang matuklasan ng mga tao at mga bansa ang kanilang nag-iisang kapalaran, at sa wakas, amining hindi nila malulutas ang mga problema kung hindi nila gagawing Panuntunan ng kanilang buhay ang Ebanghelyo.

Ang isang Kristiyano na may kamalayan sa kanyang dignidad bilang makaparing miyembro ng bayan ng Diyos, ay walang magagawa kundi *ipahayag ang*

*Sion ng isang hinirang at mahalagang*
*batong-panulok. Kailanman, di mapa-*
*pahiya ang nagtitiwala sa kanya."*
7 Kaya sa inyong mga naniniwala ang
dangal, ngunit sa mga ayaw maniwala
naman, *ang batong itinakwil ng mga*
*nagtayo ang naging batong-panulok.* 8 at
*isang batong naninisod, isang batong*
*nagpapadapa.* Sila ang natutumba sa
pagtatakwil sa aral. Dito talaga natutupad
ang itinadhana sa kanila.
9 *Lahing hinirang naman kayo, isang*
*samahan ng mga paring-hari, isang*
*bansang banal, isang bayang inari ng*
*Diyos upang ipahayag ang kanyang*
*kadakilaan.* Sapagkat tinawag niya kayo
mula sa kadiliman patungo sa kanyang
kahanga-hangang liwanag. 10 Dati ay
*hindi* kayo *bayan,* ngunit ngayon, *bayan*
*ng Diyos* kayo. Dati, kayo'y *di-kina-*
*aawaan* ngunit ngayon ay *kinaaawaan.*

**Mamuhay kayo nang mabuti**

• 11 Mga mahal ko, isinasamo ko sa
inyong iwasan ang mga makalupang
pagnanasa na kalaban ng kaluluwa; hindi
ba mga dayuhan kayo sa daigdig na ito at
nangingibang-bayan? 12 Mamuhay kayo
nang mabuti sa gitna ng mga pagano. Sa
gayon, kung paratangan nila kayong
gumagawa ng masama, makakakita na-
man sila sa inyo ng mabubuting gawa, at
luluwalhatiin nila ang Diyos sa araw ng
kanyang pagparito.
13 Pasakop kayo sa lahat ng makataong
kapangyarihan alang-alang sa Pangi-
noon: sa hari sapagkat pinakamataas
siya, 14 sa mga gobernador sapagkat
isinugo sila upang parusahan ang mga
gumagawa ng masama at parangalan ang
gumagawa ng mabuti. 15 Ibig ng Diyos na
sa paggawa ng mabuti ay mapatahimik
ninyo ang mga hangal na iyon na walang-
isip. 16 Maging malayang tao; mga lingkod
ng Diyos kayo, huwag ipagdahilan ang
kalayaan para pagtakpan ang masama.
17 Igalang ninyo ang lahat, mahalin ang
mga kapatid, matakot sa Diyos at igalang
ang hari.
18 Dapat pasakop ang mga katulong sa
kanilang mga amo, hindi lamang sa
mabubuti at mababait kundi sa mga
mabagsik. 19 Sapagkat pagpapala ang
magbata nang walang-katarungang
hirap alang-alang sa Diyos. 20 Anong
kabutihang magtiis ng mga hampas dahil
sa kasalanan? Ngunit kung parusahan
kayo pagkagawa ng mabuti, kabutihan sa
paningin ng Diyos ang inyong pagtitiis.
21 Ito ang bokasyon ninyo; alalahanin
na nagtiis si Kristo alang-alang sa inyo.
Nagbigay siya ng halimbawa sa inyo at
dapat ninyong sundin ang kanyang mga
hakbang. 22 *Hindi siya nagkasala at*
*walang kasinungalingan sa kanyang*
*bibig.* 23 Hindi niya ginagantihan ng ali-
pusta ang nag-aalipusta sa kanya; hindi
niya binantaan ang nagpahirap sa kanya
kundi ipinaubaya ang sarili sa matuwid
humatol. 24 Ang ating mga kasalanan ang
pinasan niya at taglay ng kanyang ka-
tawan sa krus upang makaalis tayo sa
kasalanan at mamuhay sa kabanalan.
Pinagaling tayo ng kanyang mga sugat.
25 Pagkat para kayong *mga tupang*
*naligaw* noon, ngunit ngayo'y bumalik
kayo sa Pastol at Tagapag-alaga ng
inyong mga kaluluwa.

---

*kanyang kadakilaan* (9). Bunga ng paghirang at kaloob ng Diyos, ang mga Kristiyanong ito ay *lahing hinirang, isang samahan ng mga paring-hari* upang ipahayag ang Ebanghelyo. Nang bigyang-kahulugan ng Iglesya sa Batikano II kung ano ang mga Kristiyano, sinipi rito ang talatang ito (9) sa "Lumen Gentium."

• 11. Dito, inaanyayahan tayong maging mga huwarang mamamayan, manggagawa at kabiyak. Kung nilalapastangan tayo, isa iyan o higit na dahilan upang ipakita ang kagandahan ng buhay-Kristiyano, at sinumang lumapastangan sa atin ay mali. At kung sisimulan ng mga may-kapangyarihan ang pag-uusig sa atin, hindi ito dahilan upang labagin ang mga batas.

Tingnan din ang komentaryo sa Tito 3:1.

### Tungkulin ng mga mag-asawa

**3** • 1 Gayundin pasakop ang mga
babae sa kani-kanilang asawa.
Kung mayroon sa kanilang sumalungat sa
salita, makukuha siya nang walang salita
sa asal ng kanyang asawa. 2 Sapat na sa
kanyang makita ang seryoso at malinis na
pamumuhay ninyo.

3 Huwag padala sa panlabas na hitsura:
ayos ng buhok, gintong kuwintas at pana-
namit. 4 Sa halip, ingatan ninyo ang lihim
at di-nawawalang kalooban nang may
maamo at mapayapang diwa. Ito talaga
ang mahalaga sa paningin ng Diyos.
5 Ganito nag-ayos noon ang mga banal na
babae na nanalig sa Diyos at napasakop
sa kanilang asawa. 6 Halimbawa si Sara;
sinunod niya si Abraham at tinawag pa
niyang panginoon. Mga anak din kayo ni
Sara, kapag ginagawa ninyo ang tama at
di natatakot o naliligalig.

7 Kayong mga lalaki naman, magsama
kayong mamuhay nang mahinahon ng
inyong asawa at parangalan siya dahil sa
likas na kahinaan ng babae, at dahil din sa
magkasamang pagsali ninyo sa buhay na
ipinagkaloob ng Diyos. Kung magka-
gayon, walang hahadlang sa inyong mga
panalangin.

8 Sa wakas, magkaisang-loob kayong
lahat: magdamayan sa isa't isa at mahalin
ang kapatid; maging mahabagin at
mapagpakumbaba. 9 Huwag ninyong
gantihan ng masama ang masama o ng
alipusta ang pag-alipusta. Sa halip, mag-
pala kayo sapagkat ito ang dahilan ng
pagtawag sa inyo: na ariin ninyo ang pag-
papala. 10 Sapagkat *kung may umiibig sa*
*buhay at gustong tamasahin ang*
*mabuting mga araw, mag-ingat siya ng*
*kanyang dila sa masama at huwag*
*bigkasin ng kanyang mga labi ang*
*panlilinlang.* 11 *Umiwas sa masama at*
*gumawa ng mabuti; humanap ng*
*kapayapaan at kumapit dito.* 12 *Sapagkat*
*nagbabantay ang Panginoon sa mga*
*matuwid at dinidinig niya ang kanilang*
*dalangin, ngunit sumisimangot siya sa*
*gumagawa ng masama.*

### Huwag matakot o mabahala

13 Sino naman ang mamiminsala sa
inyo kung hinahangad ninyo ang mabuti?
14 Mapapalad kayo kung nagtitiis kayo
dahil sa kabutihan. *Huwag ninyong*
*katakutan ang kinatatakutan nila,*
*huwag kayong masisindak.* 15 *Luwal-*
*hatiin* naman ninyo sa inyong puso *ang*
*Panginoon*, na si Kristo. Maging handa
nawa kayong sumagot sa sinumang nag-
tatanong tungkol sa inyong pag-asa,
siyempre nang may kaunawaan at
pitagan. 16 Maging malinis nawa ang
inyong budhi. Sa ganoon, siraan man
kayo ng puri, mahihiya pa ang mga
pumipintas sa inyong mabuting buhay
kay Kristo. 17 Mabuti pa ang magdusa sa
paggawa ng mabuti, kung ganito ang
kalooban ng Diyos, kaysa sa paggawa ng
masama.

---

• **3.**1 Sa pagsasalita sa mga pag-asawahan, higit na gusto ni Pedro na kausapin ang kababaihan. Iyon ba ay sapagkat kinikilala niya ang kahalagahan ng kanilang misyon? O baka naman, dahil sa ibang bahagi ng liham, higit niyang binigyang-pansin ang kalalakihan, na ayon sa kaugaliang Judio, ay nararapat lamang na nasa harapan ng kapulungan?

Bakit niya hinihingi na sundin ng kababaihan ang kanilang kabiyak? Hinahangad ba ng Diyos na mangyari ang ganito, o baka gusto ng Iglesya na napasasakop ang mga babae? Ipinaliwanag ito sa 1 Corinto 11:9 at Efeso 5:22. Narinig at itinuturo ng mga apostol ang makabagong kautusan ni Jesus na nagkaloob ng kapantay na karapatan sa babae at lalaki sa kanilang pag-aasawa. Gayunman, sapagkat nabubuhay sila sa isang lipunang pinangyayarihan ng lalaki, hindi nila maubos-isipin o matuklasan ang bagong paraan ng pagbabahaginan ng mag-asawa.

Sa anu't anuman, hindi nila mababago ang kulturang pinamamayanihan ng lalaki, sa loob ng magdamag lamang. Nagsasalita sila sa mga babaeng nabihasa na sa pagsunod. Nakauunawa ang ilang babae sa panawagan sa kalayaan mula kay Kristo (Lc 8:1), ngunit ipinakita nila ang gayon sa paraan na naging maalingasngas sa marami (1 Cor 11:6). Bigyang-pansin na ang lalong *anti-feminista* na mga salita sa Bagong Tipan ay nasa 1 Corinto 14:34-35 at sa 1 Timoteo 2:11-12. At tiyak na sa dalawang iyon,

### Tiisin ang mga hirap tulad ni Kristo

• 18 Alalahanin na sadyang namatay si
Kristo dahil sa mga kasalanan; namatay
ang matuwid alang-alang sa di-matuwid
upang dalhin kayo sa Diyos. Pinatay
siyang tao at binuhay nang espirituwal.
19 Noon niya pinuntahan ang mga naka-
bilanggong kaluluwa at pinangaralan.
20 Sila nga ang mga ayaw na maniwala sa
panahong nagmagandang-loob ang
Diyos at gumawa naman si Noe ng daong.
Kaunti lamang – walong tao – ang naligtas
sa tubig. 21 Sinagisag nito ang binyag na
nagliligtas sa inyo ngayon, hindi sa pag-
aalis sa dumi ng katawan kundi sa
paghingi sa Diyos na gawing mabuti ang
ating kalooban sa bisa ng muling pagka-
buhay ni Jesucristo.
22 Nasa kanan ng Diyos siya ngayon
pagkapunta sa langit at ipinailalim naman
sa kanya ang kapamahalaan at kapang-
yarihan.

**4** • 1 Pagkaalam ninyo na naghirap
si Kristo sa pantaong buhay niya,
gawin ninyong armas ang kaisipang ito:
nakipagsira na sa kasalanan ang naghi-
hirap sa pantaong buhay 2 kaya dapat
ipamuhay ang nalalabing panahon sa
pantaong buhay, hindi dala ng mga
makalupang pagnanasa kundi para sa
kalooban ng Diyos. 3 Sapat na ang
panahong inaksaya ninyo sa gawi ng mga
pagano – isang buhay ng kahalayan, pag-
nanasa, paglalasing, pagkain nang labis,
mga pag-iinuman at makasalanang
pagsamba sa mga diyus-diyusan. 4 Nag-
tataka sila ngayon kung bakit hindi na
kayo nagsisitakbo patungo sa ganitong
agos na walang ligtas, kaya nilalait nila
kayo. 5 Ngunit pananagutan nila ito sa
Diyos na handang humatol sa mga buhay
at sa mga patay din. 6 Nararapat mag-
ebanghelyo sa mga taong patay na;
nahatulan man sa kamatayan ang pan-
taong buhay nila, mabubuhay sila sa
espiritu para sa Diyos.
7 Malapit na ang wakas ng lahat. Kaya
mamuhay nawa kayong mahinahon at
mapagtimpi upang makapanalangin
kayo. 8 Higit sa lahat, magmahalan sana
kayo nang tapat na pag-ibig sapagkat ti-
natakpan ng pag-ibig ang maraming
kasalanan. 9 Patuluyin ninyo ang mga
kapatid nang walang tutol. 10 Pagling-
kuran ninyo ang isa't isa sa kaloob na
tinanggap ng bawat isa sa Diyos. Sa
gayon, magiging tapat kayong katiwala
ng iba't ibang kaloob ng Diyos. 11 Kung
may nagsasalita, marinig sana ang mga
salita ng Diyos; kung may naglilingkod,
makita sana ang awtoridad na natanggap

---

ang mga salita ay hindi mula kay Pablo, sa halip, ay mula sa mga talatang idinagdag nang lumaon, ng kanyang mga tagasunod.

Pinapayuhan ni Pedro ang isang babae na pasukuin ang kanyang asawa sa kanyang mabuting pag-uugali at hindi sa salita. Bagamat hindi nararapat kaligtaan ng isang babae ang kanyang panlabas na anyo, nasa kanyang panloob naman ang tunay na kagandahan.

Ang payo sa mga lalaki ay higit na babala: kailangang maging maasikaso sila at hindi maramot; maypakiramdam, hindi marahas.

• 18. Sa talatang ito, tinutukoy ang "pagbaba ni Kristo sa impiyerno" na binabanggit sa *Sumasampalataya:* tingnan din ang Efeso 4:9 at ang komentaryo sa Mateo 27:52.

Si Pedro, ayon sa bukambibig ng kanyang kapanahunan, ay tumatalakay sa mga makasalanang tao sa panahon ni Noe. Sa mga Judio, sila ang halimbawa ng mga nagkakasala dahil sa kapabayaan at kakulangan ng tunay na pag-aalaala sa kalooban ng Diyos. Magkagayunman, tinubos sila ng Diyos: dumating siya para sa bawat isa.

Bigyang-pansin ang paghahambing sa baha at sa pagbibinyag: hinugasan at pinalis ng tubig ang matandang daigdig, ang buhay ng pagkakasala: ang taong lumalapit kay Kristo ay nagsisimula sa isang bagong buhay, nagsisikap para sa "isang dalisay na konsiyensya."

*Pinatay siyang tao* (18); sinasabi ng teksto na *ayon sa laman,* ang ibig sabihin ay sapagkat tinanggap niya ang ating mortal na kalagayan (ito ang kahulugan ng laman para sa mga Judio). Itinaas siya sa pamamagitan ng Espiritu. Makikitang katulad ito ng Roma 1:4.

*Naghirap si Kristo.* Tingnan ang Roma 6.

• **4**.1 *Nagtataka sila ngayon:* marahil ay madali tayong sumama ngayon sa mga nakapag-aalinlangang mga kaugalian at hindi na nakagugulat sa mga hindi mananampalataya ang ating pag-uugali.

niya sa Diyos, at sa lahat pupurihin ang
Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo na sa
kanya ang kaluwalhatian at ang kapang-
yarihan magpakailanman. Amen.

**Magalak makibahagi sa mga hirap ni Kristo**

• 12 Mga kaibigan, huwag kayong
magtaka sa apoy na nagliyab upang
subukin kayo. Kakatwa ba ang nangyari
sa inyo? 13 Nakikibahagi kayo sa mga
hirap ni Kristo, kaya magalak kayo at
pagkabunyag sa kanyang kaluwalhatian,
malulubos ang inyong malaking kaga-
lakan. 14 Kung inaalipusta kayo dahil sa
pangalan ni Kristo, mapalad kayo: lu-
mililim nga sa inyo ang espiritung lumu-
luwalhati na Espiritu ng Diyos. 15 Huwag
sanang parusahan ang sinuman sa inyo
sa pagiging mamamatay-tao o mag-
nanakaw, o mapaggawa ng masama, o
manunubok. 16 Sa halip, kung ang pagi-
ging Kristiyano ang dahilan ng pagdu-
rusa, huwag kayong mahiya at bayaang
magbigay-puri sa Diyos ang pangalang
ito.

17 Panahon na ng paghatol at nagsisi-
mula na ito sa sambahayan ng Diyos.
Kung dapat kayong subukan muna, ano
kaya ang wakas ng mga ayaw sumunod
sa ebanghelyo ng Diyos? 18 *Kung halos di
maligtas ang matuwid, saan kaya
haharap ang tampalasan at makasa-
lanan?* 19 Kaya ipaubaya nawa ang sarili
sa tapat na Maykapal ng mga nagtitiis
ayon sa kalooban ng Diyos habang gu-
magawa sila ng mabuti.

**Ilan pang payo**

**5** • 1 Ang mga matatandang ka-
sama ninyo ang kausap ko ngayon.
Matanda rin akong gaya nila at saksi sa
mga hirap ni Kristo nang ibahagi ang
kaluwalhatiang dapat ibubunyag. 2 Pastu-
lin ninyo ang kawan ng Diyos na kasama
ninyo. Pangalagaan ito hindi nang
sapilitan kundi kusang-loob; hindi nang
sakim sa salapi, kundi nang bukal sa ka-
looban; 3 hindi bilang panginoon ng mga
ipinagkatiwala sa inyo: sa halip maging
halimbawa kayo ng kawan. 4 At pagdating
ng Kataas-taasang Pastol, tatanggap
kayo ng di-kukupas na korona ng Kalu-
walhatian.

5 At kayong mga talubata, pasakop
kayo sa Matatanda. Makitungo kayong
lahat sa isa't isa nang may mababang
kalooban sapagkat *tinututulan ng Diyos
ang mga palalo ngunit nagbibigay sa
mga mapagpakumbaba.*

6 Kaya nga, magpakumbaba kayo at
mapasailalim ng mabigat na kamay,
upang itaas niya kayo sa takdang pana-
hon. 7 Ipaubaya ninyo sa kanya ang lahat
ninyong kabalisahan: siya nga ang nag-
mamalasakit sa inyo.

8 Magpigil kayo sa sarili at maglamay
sapagkat aali-aligid ang diyablo na
inyong kaaway at gaya siya ng umaa-
tungal na leong humahanap ng masisila.

---

*Ipinangaral sa patay ang Ebanghelyo* (6). May kaugnayan ito sa talata 3:18-20. Mahirap na ipaliwanag ang talatang ito. Maaari ring tinutukoy nito ang mahiwagang pakikipagkita ni Jesus sa mga patay sa nakaraang panahon pagkatapos na mamatay siya. Tinubos din niya sila sa kanyang pagdating.

*Mamuhay nang mahinahon at gugulin ang oras sa gabi sa pananalangin* (7): hinihingi ng pananalangin ang isang buhay na may disiplina, tulad sa pagtulog kung oras na, at hindi inaaksaya ang oras na walang ginagawa sa mga kaabalahang nakahahapo.

• 12. Ang mga taludtod na ito ay buod ng pinakadiwa ng liham na ito.

Hindi matanggap ni Pedro na kailangang hatulan o mapiit ang isang Kristiyano dahil sa kanyang sariling pagkukulang, pagpatay, pagnanakaw at iba pa. Ngunit ilang "Kristiyano" sa pangalan lamang ang nasa piitan ngayon? At gaano pa karami ang dapat ay naroon?

• **5.1** Sa iba-ibang payo na sumusunod, makikita ang pinag-uukulan sa mga pastor – ang mga obispo at pari.

Sa pag-uusig, nakikita rin ni Pedro ang gawa ng diyablo na nagsisikap na panghinain ang loob ng umaasa kay Kristo.

Napatunayan na, na kapag naghahanda tayo sa

9 Labanan ninyo siya na matatag sa
pananampalataya; alam ninyo na duma-
ranas din ng gayong kahirapan ang mga
kapatid ninyo sa buong sanlibutan.
10 Tinawag kayo ng Diyos, ang bukal ng
kahit anong kaloob, upang ibahagi kay
Kristo ang walang-hanggang kaluwal-
hatian. Sa pagtitiis ninyo nang kaunti,
kayo'y gagawing ganap ng Diyos, patiti-
bayin, palalakasin at patatatagin mag-
pasawalang-hanggan. 11 Sa kanya ang
kapangyarihan magpakailanman. Amen.

• 12 Ipinasulat ko ang maikling liham na ito kay Silas na itinuturing kong tapat na kapatid. Ginusto kong pasiglahin kayo at sabihan na tunay na kaloob ng Diyos ang mga nangyayaring ito. Dito kayo magpakatatag.

13 Binabati kayo ng kapatirang nasa Babilonia na hinirang na kasama ninyo. Binabati rin kayo ng anak kong si Marcos.

14 Magbatian kayo ng halik ng pagmamahal. Ang kapayapaan ay sumainyong lahat na nakay Kristo.

---

pagbuo ng isang mahalagang pasya o sa paglilingkod kay Kristo, maraming lumilitaw na mga sagabal. Nawawala ang lahat sa taong natatakot. Kapag tinangka niyang makahakbang na muli, daragdagan ng diyablo ang pagsalakay. Karaniwan ang mga pagsubok na iyon, at kailangan nating harapin ang mga iyon nang may gising na pananampalataya.

• 12. *Babilonia:* sa wika ng mga Kristiyano nang panahong iyon ay nagpapahiwatig ng "dakilang lunsod," ang sentro ng mga relihiyong pagano, ang Roma. (Tingnan ang Pag 17). Mayroon nang pamayanan ang Roma, ang Iglesya, nang panahong sumusulat si Pedro.